# Ang paglalakbay para sa net zero

**Bilang isang maipagmamalaking ekonomikong powerhouse, ang Central Queensland ay tahanan ng mga mahahalagang imprastruktura at mga may-kasanayang manggagawa.**

Ngayon na ang Australya ay patungo sa isang net zero na ekonomiya, ang Central Queensland ay may makumpetensyang kalamangan sa:



- **Pag-aakit ng pamumuhunan**
- **Pangangalap ng mga proyekto**
- **Paglikha ng mga mahalagang pangluwas na paninda (commodity) tulad ng hydrogen at mga mahahalagang mineral.**

Ang Central Queensland ay pambihirang nakapwesto para magtatag sa kanyang pamanang pang-industriyal at hulihing-makamit ang mga benepisyo ng pagpapabagong-anyo. Para masuportahan ito, ang Pamahalaang Australya ay makikipagtulungan sa mga komunidad ng Central Queensland para magbigay ng mga pagkakataon sa pagsasanay, suporta para sa muling-kasanayan at pagkaka-empleyo.

## Ano ang magiging hitsura nito?

### Suporta sa manggagawa



Ang rehiyonal na mga Workforce Transition Officer ay nakikipagtulungang mabuti sa mga lokal na Tagapamagitan sa Pag-eempleyo upang:


- Maghatid ng isang Plano ng Regional Workforce Transition
- Tumulong sa mga negosyo ukol sa kanilang mga pangangailangan na pwersa ng manggagawa
- Suportahan ang mga lokal na TAFE at unibersidad sa pagbubuo ng mga solusyon sa pagsasanay.

### Mga programa sa kahusayan at pagsasanay



- Ang New Energy Apprenticeships Program ay nagbibigay ng suportang pinansyal ng hanggang $10,000 para makatulong sa mga nag-eensayo (apprentice) upang mapahusay ang sektor para sa malinis na enerhiya.
- Ang mga Tagapagbigay ng New Energy Apprenticeship Mentoring na susuporta sa pagsasanay ng mga nag-eensayo sa pagbubuo ng pwersa ng manggagawa para sa malinis na enerhiya.

**Sa pagkakasamang pagtutulungan, mabibigyang lakas natin ang Central Queensland na maging bahagi ng bagong pwersa ng manggagawa para sa malinis na enerhiya.**



Australian Government

Upang malaman kung paanong ang Central Queensland ay nangunguna sa pagpapabagong-anyo sa enerhiya, bisitahin ang **futuremadeinaustralia.gov.au**